

Valley Transportation Authority
*Solutions that move you*

# *FACT SHEET:* ***Transit***

## Pag-aaral sa Daanan ng Transit sa State Route 85

### Paglalarawan ng Proyekto

Ang Pag-aaral sa Daanan ng Transit sa State Route (SR) 85 ay susuri ng mga alternatibong transportasyon ng 23.7 milyang koridor na nag-uugnay sa mga lungsod ng Mountain View at ng timog San Jose, mula SR 85/US 101 interchange sa Mountain View hanggang SR 85/US 101 interchange sa timog San Jose. Isasama sa mga alternatibong pag-aaral ang imprastraktura at serbisyong Bus Rapid Transit, Light Rail Transit, at ang posibleng mga teknolohiyang pantransportasyon sa hinaharap o iba pang opsyon.

Ang Pag-aaral sa Daanan ng Transit sa SR 85 ay isasagawa ng tauhan ng VTA sa ilalim ng patnubay ng Policy Advisory Board (PAB) ng SR 85. Ang PAB ay magagamit sa pagtukoy ng mga susuriing alternatibo at magbibigay ng panghuling rekomendasyon sa Lupon ng mga Direktor ng VTA tungkol sa kung paano sisimulan ang plano ng pagpapahusay ng transit sa kahabaan ng koridor ng SR 85.

### Proseso ng Pag-aaral

Ang Pag-aaral sa Daanan ng Transit sa SR 85 ay inaasahang magtatagal ng humigit-kumulang 12 hanggang 18 buwan bago makompleto, at magkakaroon ng limang yugto:

1. **Pangongolekta ng Data at Pag-aanalisa sa Merkado ng Paglalakbay**
   Gamit ang iba't ibang pinagmumulan ng data, at ng pagsasagawa ng mahigpit na pag-aanalisa, ang tauhan ay bubuo ng mas malinaw na pagkaunawa sa kung paano bumibyahe ang mga tao sa kahabaan ng koridor upang masuri kung mayroong sapat na espasyo para sa light rail o bus rapid transit sa loob ng kasalukuyang available na lupa sa koridor ng SR 85.

2. **Paglalarawan at mga Pamantayan**
   Maglalabas ang VTA ng survey online at kukunin ang opinyon ng publiko sa pamamagitan ng mga workshop at pagpupulong. Tatanungin namin ang publiko kung aling pagpapasulong ng transit ang gusto nilang makita sa koridor ng SR 85. Ang PAB ay bubuo ng mga layunin para sa plano ng pagpapasulong ng transit sa koridor ng SR 85 at tutukoy ng iba't ibang alternatibo na detalyadong pag-aaralan.

3. **Pag-analisa ng mga Alternatibo**
   Detalyadong pag-aaralan ng VTA ang bawat isa sa pinagpipiliang mga alternatibo, magsasagawa ng pag-analisa sa halaga, posibilidad at pagmomodelo upang makabuo ng mga ideya sa dami ng inaasahang pasahero.

4. **Tutukuyin ng PAB ang Napiling Altenatibo**
   Tatalakayin ng PAB ang kahalagahan ng bawat alternatibo at, kapag nakabuo na ng pinagkasunduang pagpapasya, gagawa ng rekomendasyon sa Lupon ng mga Direktor ng VTA tungkol sa kung paano sisimulan ang plano ng pagpapasulong ng transit sa koridor ng SR 85.

5. **Gagawa ang PAB ng Rekomendasyon sa Lupon ng mga Direktor ng VTA**
   Gagawing pormal ng pagkilos na ito ang rekomendasyon ng PAB. Isasaalang-alang ng Lupon ng VTA ang rekomendasyon sa susunod nilang pagpupulong.

Itinuloy sa kabila

SR 092617

## Mga Kasosyo sa Pagpopondo ng Proyekto

Measure B
Transportation Improvement Program
County of Santa Clara

## Eskedyul ng Proyekto

- **Pangongolekta ng Data at Pag-analisa sa Merkado ng Paglalakbay.................................. Kalagitnaan-Pagtatapos ng 2017**
- **Unang Yugto ng mga Pagpupulong para sa Opinyon ng Publiko................................. Pagtatapos ng 2017**
- **Mga Alternatibong Pag-analisa.............................Maaga-Kalagitnaan ng 2018**
- **Ikalawang Yugto ng mga Pagpupulong para sa Opinyon ng Publiko................................. Kalagitnaan ng 2018**
- **Tutukoy ang PAB ng Napiling Alternatibo............Kalagitnaan-Pagtatapos ng 2018**
- **Gagawa ang PAB ng Rekomendasyon sa Lupon ng mga Direktor ng VTA........................Pagtatapos ng 2018**

Tingnan ang website ng proyekto para sa kasalukuyang eskedyul: *vta.org/85study*

## Pagpopondo ng Proyekto

- Mga pondong 2016 Measure B ($1.4M)

## Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa proyektong ito, tumawag sa VTA Community Outreach Department sa (408) 321-7575, TTY (408) 321-2330. Maaari mo rin kaming bisitahin sa web sa *vta.org*, o mag-email sa amin sa *community.outreach@vta.org*.

## Mag-subscribe

Mag-sign up upang makatanggap ng mga update tungkol dito at sa iba pang proyekto ng VTA sa *vta.org/subscribe.*

## Mapa ng Site ng Proyekto

